# PBBM approves DTI's three-year food logistics action agenda

Page 2

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 48 | 10.00 | AUG. 28 - SEPT. 3, 2023

## Medical cannabis, malapit nang maging legal

P3

## Ingatan lagi ating health

*See page 3*



Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan

## Full scholarship grant sa mga kabataang Treceño

INIANUNSIYO kamakailan ni Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan na magkakaloog ang pamahalaang lungsod ng full scholarship grant sa mga efirst year college student.

Sa kanyang social media page, hinikayat ni Mayor Lubigan ang mga Kabataang Treceños mula sa mahihirap na pamilya na nais mabigyan ng ayuda para makapag-aral nang libre sa kolehiyo.

Ang mga rekisito na kailangang taglay ng mga aplikante sa scholarship grant ay:

1. Mula sa mahirap na pamilya na ang kinikita sa buong taon ay nasa Php180,000 o mas mababa pa.
2. Kailangang may general average na hindi bababa sa 90%?
3. Rehistradong botante ng Trece Martires?

Hinikayat ng alkalde ang mga kabataan na ipakita ang kanilang potensyal at galing sa linya ng Akademika .

"Ang Pamahalaang Lungsod ng Trece Martires sa pangunguna po ng inyong lingkod ay maglulunsad ng Comprehensive Full Scholarship

*Sundan sa pahina 2*

### Good News!!!

## Demolisyon sa Viva Homes Subd. pansamantalang hindi natuloy

PANSAMANTALANG tumahimik ang ginagawang protesta at vigil prayers sa Viva Homes Subdivision sa Barangay Salawag, Dasmarinas City nang hindi natuloy ang utos ng Imus RTC na buwagin ang mga bahay roon.

Noong Agosto 21 pansamantalang napigil ang takdang demolisyon sa nangyaring pakikipag-usap ng homeowners association (HOA) sa subdivision at ng pamunuan g Paxton Development Corporation.

Pinaninindigan ng Viva Homes HOA na lalabanan nila ang utos na demolisyon dahil marami sa nakatira roon ay may hawak na titulo at bayad na sa biniling house and lot.

Marami sa kanila ay nagsabing sila ay "buyers in good faith" at walang dahilan na maipit at mawala ang bahay at lote dahil sa away ng mga real estate developers.

Nabatid na nagpadala sila ng Open Letter kay Presidente Marcos na humihingi ng tulong upang ganap na matigil ang pagbubuwag ng kanilang mga bagay.

Kung hindi magiging maayos ang negosasyon ng Paxton at HOA, itutuloy ang demolisyon na naitakda noon pang Agosto 24. **/JANETH W. BILBAO**




## Fire Brigades ng Imus,kampeon sa kumpetisyon

**AGOSTO 29 –** Binigyang papuri ng Sangguniang Panglungsod (SP) ang mga fire brigade ng lungsod ng Imus na nagkampeon sa ginanap na 30th Encounter Urban Fire Olympics.

Sa ika-35 sesyon ng Sangguniang Panlungsod (SP) sa pamumuno ni Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan pinagtibay ang isang resolusyon na nagbibigay-pagbati sa mga fire brigade sa lungsod na nag-uwi ng mga gantimpala sa ginanap na kumpetisyon.

Nakamit ng Barangay Alapan 1-A Fire Brigade ang Regional Overall Champion award at tatlo pang parangal sa barangay category.

Hinirang naman na Over-all Champion ang EDS Manufacturing Fire Brigade at nag-uwi pa ng tatlo pang parangal sa industrial category.#AAngatAng Imus



VM SAQUILAYAN

# PBBM approves DTI's three-year food logistics action agenda



President Ferdinand R. Marcos, Jr. approved on Tuesday, August 29 the Department of Trade and Industry's (DTI) Three-year Food Logistics Action Agenda aimed at revolutionizing the country's food distribution system, reducing transport and logistics costs, and ensuring food supply chain efficiency.

The President approved the plan during a sectoral meeting in Malacańang with Secretaries Alfredo Pascual of the Department of Trade and Industry, Benjamin Abalos of the Department of Interior and Local Government, Ivan Uy of the Department of Information and Communications Technology, and Frederick Go of the Office of Presidential Adviser on Investment and Economic Affairs, Senior Undersecretary Domingo Panganiban of the Department of Agriculture, Undersecretary Zeno Ronald Abenoja of the Department of Finance, Undersecretary Elmer Sarmiento of the Department of Transportation, Undersecretary Rosemarie Edillon of the National Economic and Development Authority and Director General Ernesto Perez of the Anti Red Tape Authority.

The creation of the 3-year food logistics agenda was one of the directives of the President during the 8th Cabinet meeting in September 20222 to the DA, DTI, DOTr, DPWH and DILG to develop a food logistics chain, cold chain industry, ports infrastructure and farm-to-market roads.

The action plan's general objective is to ensure the availability, accessibility, and affordability of food for Filipinos, and that consumers reliably get the right product at the right time.

The plan also seeks to heighten enforcement measures against hoarding, smuggling, overstaying food imports, and monitoring of warehouses or cold storage facilities, and resorting to using information and communications technology to improve logistics performance.

The DTI has outlined efforts to integrate food terminals into the logistics framework through upgrading of existing food terminals and building additional food hubs in Metro Manila and other areas in the country.

These hubs operate as central command centers for effectively supervising the balance between demand and supply with the resulting synergy within these hubs amplifying the effectiveness of the action plan.

According to Pascual, the DTI has a pilot project with Nueva Vizcaya Agricultural Terminal (NVAT) together with the US Agency for International Development-Strengthening Private Enterprises for the Digital Economy (USAID-SPEED) to help small and medium enterprises (SMEs) transition to mature e-commerce businesses.

"This project will help pivot NVAT from offline to online transactions thereby maximizing the potential of e-Commerce, and increasing market access for farmers' produce," Pascual explained. | **PND**

# Cavite greening program continues



ANOTHER tree planting activity was facilitated by the Office of the Provincial Environment and Natural Resources (OPENRO) in Barangay San Jose, Tagaytay City on August 25, 2023 as part of the conservation and rehabilitation of the Taal Volcano Protected Landscape (TVPL).

A total of 500 fruit bearing trees were planted along the TVPL in the territorial boundary of Barangay San Jose.

The initiative was participated by the employees of selected PGC offices, personnel from PNP and Philippine Army, non-government organizations, private companies and local officials of Tagaytay City.

Provincial Administrator for Community Affairs Alvin S. Mojica was present and expressed his support to the undertaking.

Likewise, he reiterated the importance of the activity, its objectives and responsibilities which include monitoring and evaluation of the project's progress./**OPIO**

# Full scholarship...

*mula sa pahina 1*

Program para sa mahuhusay at natatanging Kabataang Treceño na sa kabila ng matinding kahirapan sa buhay ay patuloy na nagpupursige upang makapagtapos ng kanilang pag-aaral sa kolehiyo," sabi ni Mayor Lubigan.

Sa mga aplikante, kailangang isumite ang sumusunod:

✅Accomplished TMC Scholarship Program Application Form

✅One recent photograph (passport size)

✅Application letter addressed to MGBL

✅Registration Form

✅Voter's ID

✅Form 138 (Report Card with 90% average and above)

✅Parents' Income Tax Return (both spouses Annual Gross is P180,000 and below)/Certificate of Tax Exemption


Sa mga interesado, tatanggapin ang aplikasyon mula Setyembre 1-6,, 2023 at dahl ang lahat ng kailangang dokumento, 8am hanggang 4pm at hanapin sina Ms. Grace Dela Torre / Ms. Lena Dela Cruz / Ms. Liz Cua sa City Mayor's Office.

Ang application form ay maaaring mai-download sa link na ito

Link: FULL SCHOLARSHIP APPLICATION FORM https://drive.google.com/.../1BQhlrFPX1JhOVg.../view......

Sa initian screening, 200 slots lamang ang aming kukuhanin at ilan lamang ang maaaring mabigyan ng scholarship, base inilaang pondo ng ating Pamahalaang Lungsod./ **EVITA ROSA TAPARAN**

# Medical cannabis, malapit nang maging legal



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

AY, salamat, at magandang balita ito sa mga kapatid sa media at sa mga expertong doktor, siyentista na matagal nang isinusulong na gawing legal na gamot ang marijuana at ito ay makatutulong sa maraming maysakit na natuklasang mapapagagaling ng medical cannabis.

Sa ginanap na Media Health Forum of Bauertek Corporation noong nakaraang Lunes, Agosto 28, sinabi ni Dr. Richard Nixon Gomez at mga panelist, "almost done" na sa Kongreso ang aprobal na gawing gamot ang marijuana o medical cannabis.

Salamat naman po na tinagal ng pagsusulong sa legalization sa paggamit sa marijuana (MJ) bilang gamot ay malapit nang mangyari, na sabi nga ni Dr. Gem Marq Mutia, adult medicine specialist and founder of Philippine Society for Cannabinoid Medicine, yung mga dating kontra ay naintindihan na ang mga benepisyong dala ng medical cannabis upang mapagaling ang mga sakit na tulad ng Parkinson's disease, Alzheimer's disease, pagsusuka at pagkahilo at panghihina bunga ng chemotherapy, matinding kirot, multiple sclerosis at intractable epilepsy.

Sa media health forum, sinabi ni Dr. Mutia na noon pang 2014 ay itinutulak na gawing legal ang paggamit na gamot ng of medical cannabis at ngayong 19th Congress, ang panukalang batas ay nasa kamay na ng technical working group (TWG) at mapag-uusapan na sa plenary ng Kamara de Representantes.

Mayroong siyam (9) na House Bill na naiharap sa Kongreso at isang panukala naman sa Senado, at buo ang paniniwala ni Dr. Mutia, hindi na pagdedebatehan kung nakagagamot nga ang MJ dahil sa maraming pag-aaral dito at maging sa ibang bansa, napatunayang mabisa sa paggamot ng maraming karamdaman.

In fact, sa Canada, Germany at ilang bansa pa, legal na ang marijuana at sana nga, maging legal na rin ito sa ating bansa.

Nakikita naman ni Dr. John Ortiz Teope, a researcher, critic, political analyst, media practitioner, at secretary general of TIMPUYOG Philippines, na kokontra sa legalization ng MJ ay ang malalaking kompanya ng gamot sa Pilipinas.

Tiyak na mag-lobby ang big pharma, kasi nga kung legal ang medical cannabis, apektado ang kanilang negosyo.

Magkakalat sigurado ng takot sa publiko ang mga kontra, pero, sabi ni Dr. Teope, na kapakanan ng publiko ang nais ng mga nagsusulong sa legalization ng medical cannabis.

Kapag legal na ang MJ, malaking tulong ito sa ekonomya ng bansa, kasi maraming makikinabang dito, at marami ang mapagagaling sa matagal nang tinitiis na karamdaman.

Yung ibang bansa na kulang sa produktong medical cannabis, masusuplayan sila ng ating marijuana farmers at malaking income ito, lalo na kung mauumpisahan ang paggawa ng mga gamot mula sa marijuana, sabi pa ni Dr. Gomez na general manager of Bauertek Corporation.

Ligtas na ang medical cannabis, oo, ang sagot ni Dr. Gomez dahil nga ito ay nasubukan na sa maraming pag-aaral at sa mga survey, kahit ang mga doktor, narses, mga medical practitioner, titser, OFWs, maging ang mga taong gobyerno ay pabor na isa-legal na ang marijuana bilang gamot.

Kung mangyaring maisabatas, buburahin na ang marijuana sa listahan ng bawal na gamot, ayon sa RA 9165 or the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Kung napatunayan na sa maraming reseacr, experiment, clinical trials na epektibong gamot ang marijuana, walang dahilan, sabi ni Dr. Gomez na hindi ito tanggapin ng Filipino.

Alam nyo ba na 60 bansa na ang ginawang legal ang marijuana bilang medisina?

Nakapagpapahaba ng buhay, nagpapagaling at mas murang gamot ang marijuana, kaysa mga gamot na gawa ng big pharma.

"Health security should be given importance by the government," sabi ni Dr. Teope.

# Ingatan lagi ating health



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

I happened to see this post on social media, and I am now sharing this to all, specially to seniors like.

Tanggapin natin, tayong may edad na ay di tulad noong kabataan natin na malakas pa, at marami nga sa atin, masasakitin na.

Eto ang nabasa ko na makatutulong sa atin na ma-maintain ang ating kalusugan at mapahaba pa ang ating hiram na buhhay.

1. 'Wag kaligtaan, laging lagyan ng laman ang ating tiyan sa agahan.
2. Palakasin ang resistensiya ng ating mga bato (kidneys) sa pag-inom ng 10 baso ng tubig sa loob ng 24 oras.
3. Apektado ang ating apdo kung magpupuyat: bago mag-11 ng gabi, matulog na at gumising nang maaga.
4. Masisira ang ating maliliit na bituka pag kumain tayo ng malamig at expired na pagkain.
5. Delikado ang kolon kung kakain ng maaanghang at piniritong pagkain.
6. Iwasan na ang paninigarilyo, at lumanghad ng sariwang hangin.
7. Masisira ang atay sa alkohol, pinirito, junk food at maaalat at sobrang matamis na pagkain.
8. Iwasan ang pagkain ng maalat at pagkaing maraming cholesterol; delikado ito sa kalusugan ng puso.
9. Masama sa sikmura ang sobrang asukal at matatamis.
10. Masama sa mga mata ang matagal na pagkaupo sa paggamit ng cellphone at computer na madllim ang paligid.
11. Masama sa utak ang laging pag-iisip ng negatibong bagay.

Tandaan, pag nasira ang ating katawan, lalo na ang ating puso, mata, utak, bituka, at iba pang internal organs, hindi ito mapapalitan tulad ng mga piyesa ng sasakyan.

Kung mangyayari man ito tulad ng heart o kidney transplant, sa milyon-milyong halaga ng gamutan, sapat na ito upang tayo ay mahimatay at mamatay.

Let us all keep your organs healthy. (arzmedia777@yahoo.com

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

## Abiso, anunsiyo sa publiko!

**DAHIL malapit nang sumapit sa unang taon ng publication business ang BantayBalita, nag-aalok ang patnugutan ng BIG DISCOUNT sa mga anunsyong tulad ng:**

*** Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication * Correction in Live Birth * Affidavit of Loss * Commercial Ads placement *Obituary * Events Announcements.**

**For controversial issues that need public clarifications, announcements and/or publications, legal assistance and for ads and notices that needs promotional releases, layout and quotation, may you please contact domzcaoile@yahoo.com and taparaneliseo@gmail.com us for inquiries.**

# Cheers to SGMA school reorientation!






*Sir Jose Alex Masbano, Operation manager, Trending Reading Preference edcuation System Trading talking to an unnamed SGMA teacher.*



*Parents, guardians and students are all ears to the SGMA faculty members who passionately explain the importance of the new curriculum, the school's workbook during the reorientation, one day before the formal start of the new school year 2023-2024. photos by Janeth W. Bilbao*



*From left: Sir Domz Caoile, BantayBalita publisher; Ms. Agrifina Miraflor, SGMA administrator; Madam Myra Miraflor, SGMA president/CEO; Ms Neri Carada Azuela, SGMAI principal and editorial cnsultant/editor Sir Eli Taparan.*











**SGMA Principal Ms. Neri Carada Azuela**

WE are lucky to be invited to the recent school reorientation of the St. Gilbert Myra Academe 9SGMA last August 28, and for this, we thank, madam Myra Miraflor for the invite.

We witnessed the able leadership of Madam Myra, SGMA President Chief Operation Officer (CEO); the able management of Administrator Madam Agrifina Miraflor and the faculty who conducted the reorientation which was attended by the students, parents and guardians.

The school reorientation was aimed to enhence resilience, reorient the stakeholders about the policies and practices to the new guidelines of the DepEd.

It helps to develop a broadened vision of educational goals and key competencies for learners, now that the school year 2023-2024 has begun, August 29.

We witnessed how effective the teachers in reorienting the old and newcomers-student with the school policies, environment, resources, and what to expects this school year.

Students were told about their class schedule, student ID card, textbook and told about the school facilities, laboratory and talked about the new challenges brought about by the new Deped directives and new school curricula.

Students and parents were told about what to wear inside the school, comfortable foot wear to use, bags to carry the students' essentials such as phone, wallet, water bottle, and notebook, jacket and umbrella in case of rain, and other accesories, e.g. hat, sunglasses, scarf, or jewelry and others.

Worthy to mention was the introduction of the books titled Brain Talking, Interactive Reading Materials from K to 12 and other books to enhance the reading comprehension of young studuents.

During the raffle, Sir Mr. Jose Alex Masbano, operation manager of Trending Reading Reference Educational System Trading gifted a few pieces of books to the lucky parents conducted by Madam Myra, Sir Domz Caoile, publisher of this paper and guest, Boss Eli Taparan, this paper's editorial consultant and SGMA principal Neri Carada Azuela.

Over-all, the SGMA reorientation was a success. /**JANETH W. BILBAO**



**OATH TAKING OF FISMPC OFFICERS:** The oath taking of the Directors and Officers of the Filipino Inventors Society Multi-Purpose Cooperative (FISMPC) was held at Causeway Restaurant in Quezon City on Aug. 25 and administered by Dept. of Science and Technology (DOST) Secretary Renato U. Solidum, Jr. The event was witnessed by Secretary General Reginald Velasco from House of Representative, DOST Undersecretary for Regional Operations, Sancho Mabborang, Regional Directors Julius Caesar Sicat, Virginia Bilgera. Sworn into office were FISMPC Chairman Francisco "Popoy" Pagayon, Vice-Chairman Nelson Santos, BOD Mike Hortaleza, Dennis Abella, Eulalio "Doc Ayong" Lorenzo, Miko Abella, Reynaldo Sanchez, Rolando "Lakay"Gonzalo, Jimson Uranza, Diosdado Valeroso, Kristopher Peralta, Eduardo Arellano, Rizalino Espino, Joven Parsram and Rommel Dela Cruz. Officers Raymond "Bimbo" Duran, Vic Ocon, Amiel Uy, Davis Pagayon, Jun Espino, Eduardo Evangelista, Rae Briones. Others in photo: Edgardo Vasquez, Ronald Pagsanghan of FIS, Former DOST Secretary Fortunato Dela Pena and Director Cezar Pedraza.

# Brgy-SK elections...




*mula sa pahina 8*

groundbreaking ceremony ng itatayong gusaling paaralan.

Basta sa kapakanan ng edukasyon ng mga bata, lagi nang inuuna ito ni Mayor Glean.

Ngayong sinisimulan na ang pagtatayo ng school building, baka next year, makukumpleto na iyon, sabi ng alkalde.

Ang proyekto ay initiative ng masipag na 8th Cavite District Congressw. Aniela Tolentino, at mula sa amin sa BantayBalita, maraming salamat po sa inyong malasakit sa kinabukasan ng kabataang Caviteno.

@@@

IYANG barangay at SK elections, supposedly, ito ay non-partisan, ibig sabihin, wala rito ang kampihan o labanang nangyayari sa halalan ng mga governor, mayor at iba pa.

Kaya nga walang political party ang mga kandidato sa Barangay-SK, pero nangyayari ba ito, ano sa paniwala nyo, minamahal naming readers?


Kasi nitong first day ng pagpa-file ng certificate of candidacy, sa social media, nakita natin ang ilang mayor at konsehal, may photos pa na itinataas ang kamay ng mga kandidato sa barangay.

Partisan politics na ito, sa pagkaintindi ko, at hindi ba ito violation, pakisagot nga po, Comelec?

Saka alam natin, lantad o palihim, humihingi ng tulong -- pera, moral o political support ang mga kandidato sa mga politiko na hindi makatanggi kasi, sa nalalapit na 2025 local elections, kailangan nila ng malaking suporta ng mga kapitan ng barangay, lalo na yung may tinatawag na "command votes."

Sa opinyon ko lang ito, ano ang masasabi ng ating readers, paki-comment sa domzcaoile@yahoo.com

# Belated Happy Birthday



**September 1**

**Lt. Col. Rorienz Faniega**

esteemed pastor of Doulous Baptish Church.

**Mabuhay po kayo, Lt. Colonel Rorienz. God bless!**

# Aspirante sa Barangay-SK elections, kilatising mabuti



**MAKIKIRAAN PO!**

ni Janet W. Bilbao

MARAMING salamat, it's an honor po, na maging parte ng BantayBalita bilang reporter at kolumnista.

Sisikapin ko po na magampanan ang trabahong ito, sa abot o higit pa sa aking makakaya, at sa aming publisher, Sir Domz at sa aming editorial consultant/editor, salamat po sa pagtitiwala.

@@@

AYAN lumarga na ang bagong karera natin sa politika at kayraming nagharap ng kani-kanilang certificate of candidacy para kapitan at kagawad ng barangay, at maging opisyal ng Sangguniang Kabataan.

Paalaala sa mga aspirante, public service po ang papasukin nyo, ibig sabihin, serbisyo publiko at hindi pambisyo o dahil wala kayong trabaho, tatakbo na lang para kung manalo, aba, may authority na, may "sahod" na, may pribilehiyo at tatawagin pang "Honorable."

Paalaala, public office is a public trust -- ibig sabihin, ito ay pahiram na pagtitiwala ng mamamayang botante, na nakasaas sa 1987 Philippine Constitution, Article XI, Section 11.

Sinasabi na ang isang kawani o opisyal ng gobyerno -- mula Pangulo hanggang sa pinamababang elected position na Kagawad ng Barangay ay may pananagutan sa bayan.

At ito ay maglingkod nang matapat at mahusay, matapat, at magpapatupad ng batas at tuntunin nang parehas, magiging makabayan at mamumuhay nang may kababaang loob.

Dear readers, taglay ba ng mga kandidato sa inyong barangay ang mga katangiang ito, lalo na ang mga reelectionist na mangangako uli na magbibigay ng mahusay na paglilingkod sa inyong barangay.

Ganito lang sa tingin ko ang simpleng paraan upang makilatis ang mga hihingi uli sa atin ng ating sacred votes; tingnan sila na parang aplikante sa isang trabaho.

Halimbawa kung welder, may skills ba siya, may kasanayan na magawa ang mahusay na trabaho.

Baka naman kasi, mabait lang siya at maasahan sa pagbibigay ng tulong -- pera, impluwensiya at iba pa, pero walang alam kung paano maggawa ng resolusyon sa mga proyekto o gawaing pambarangay.

May sapat bang edukasyon o kaalaman para maging kapitan at hindi "kupitan" ng barangay; at alam ba -- kung isang kagawad -- ang magpanukala ng batas, magpatupad ng mga programa sa ilalim ng komite na hahawakan.

E, kung magaling lang makibagay sa mga tambay at mahusay sa pagtagay, delikado, wag nang iboto.

Nasangkot na ba sa anomalya, eskandalo, korapsiyon o may tagong rekord ng kriminalidad ang kandidato, aba, mag-ingat, kasi tiyak ang barangay nyo ay baka maging pook ng sindikatong droga, sugal at iba pang bisyo.

Alamin kung ano-ano ang katangian ng kandidato: siya ba ay may trabaho, negosyo o may sapat na pinagkakakitaan at hindi aasa sa pera ng barangay.

May hinawakan bang posisyon sa lokalidad -- maaaring dating konsehal, lider kaya ng isang samahan e.g. homeowners, media association, o sibikong samahan, Lion's Club at katulad na organisasyon, at iba pang kilusan.

Sa barangay, magkakakilala ang mga tao, alam ang mga karakter, reputasyon ng mga kandidato, kaya piliin ang matitino, 'yung may track record, sabi nga sa pagiging mabuting kabarangay sa inyong lugar.

Wag tumingin sa ibibigay na lima-limang daan, o dahil popular o sikat ang kandidato.

Kung tatanggap ng pambigas, pang-ulam, pampainom, at iba pang ganansiya sa pagboto, ay 'wag kayong aasa na gaganda, huhusay ang inyong barangay.

Kasi, ipinagbili na nyo ang inyong boto, at kung maging korap ang mananalo, e ano ang karapatan nyong magreklamo.

Iboto ang tapat sa puso at nasa tamang daan, hindi sa lima-limang daan o libo-libong daan.

# Medical Mission in General Trias City










A medical mission was conducted in Barangay Pasong Camachile !I, General Triias City on Thursday, August 24, 2023.

The event, organized by the Office of the Provincial Governor - Medical Mission Team together with doctors and volunteers from the Office of the Provincial Health Officer (OPHO), extended vital healthcare services to the community.

A total of 317 patients benefited from the initiative, receiving thorough check-ups and accessing free consultations and essential medicines. The event showed the commitment of the Medical Mission Team to enhance the well-being of the community.

The collaboration between the organizers and the local community exemplified the power of coming together for a shared cause. /**OPIO**



## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF MARTA RONQUILLO

Notice is hereby Given that the estate of **MARTA RONQUILLO** Who Died on February 02,1931 in naic, cavite Left a parcel of Land covered By TRANSFER CERTIFICATE TITLE No. ( T- 1941) Tax Declaration No. AA- 15-0023-00753 Situated in Muzon Naic, cavite ( 70, 526 ) SQM. TRANSFER CERTIFICATE TITLE No. T- 2588 Located in Zamora St. Naic, Cavite ( 288 ) SQM. Tax Declaration No. AA- 15- 0023-00752 Situated in Muzon, naic, cavite ( 22,147 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs.Executed Before Notary public Atty. Gervacio B. Ortiz Jr. Under DOC. No. 336 Page No.69 book NO.XXVIII Series of 2023 notarized Date: July 03, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF LUIS PAPA POBLETE

Notice is hereby Given that the estate of the late **LUIS PAPA POBLETE,** Who Died on June 09, 2000 in makati city Left a parcel of Land Covered By transfer certificate No. (T-80489 ) Tax Declaration No. AA- 15-0023-00697, Situated in malaking Pilapil, naic, cavite, ( 11,913 ) SQM. Transfer certificate TITLE ( T-80490 ) Tax Declaration No. AA- 15-0023-00696 Situated in Malaking Pilapil, naic, cavite ( 11, 913) SQM. Situated in malaking pilapil, naic, cavite ( 11,914 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG THE LEGAL HEIRS, Executed before notary public atty. Gervacio B. Ortiz Jr. under DOC. No. 335 Book no.XXV111 Page no.68 series of 2023 notarized date: July 03, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON REMIGIO M. OÑATE with Renunciation of right's

Notice is hereby given that the estate of the late **REMIGIO M. OÑATE JR.** who died on November 28, 2022 at trecemartirez city, cavite left a parcel of land covered by transfer certificate of title no.T-428316 situated in Brgy. anabu, Imus city cavite (88) Sem.transfer certificates title no.T-441814 situated in Brgy. Anabu, Imus city cavite (32) SQM.transfer certificate of title no.(T-744702) 060-2023012925 situated in Brgy.mamatid, Cabuyao Laguna ( 32) SQM.EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs. Executed Before notary public Atty. Gabriel B. Octava under DOC. no.342 page no. 69 Book no.XIX series of 2023 notarized Date August 07, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the Late **Jose L. Cadiz Jr.** Who Died on March 4, 2019 at # 2382 B. Atlantic Avenue Fairfield, CA 94533 Left a parcel of Land covered By.transfer certificate of title no. (T-112922) 057-2022070552 situated in BO. Bayan Luma Imus city (438) SQM. Transfer certificate of title no. T- 1084887 situated in Tanzang Luma, Imus city (780) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs, executed before notary public atty. Antonio T. Nicolas under DOC. No.233 page no. 48 XXXO series of 2023 notarized Date: May '2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT Of ESTATE OF MILAGROS PAPA POBLETE

Notice is hereby Given that the estate of **MILAGROS PAPA POBLETE** Who Died single on April 30, 1992 in makati city as registered of a (1) FOURTH PORTION of a parcel of land covered By transfer certificate of TITLE No. ( T-80489 ) Tax Declaration No.AA- 15-0023-00697 Situated in malaking pilapil,naic, cavite ( 11,913 ) SQM. transfer certificate TITLE No. ( T-80489 ) Tax Declaration No.AA- 15-0023-00696 Situated in malaking pilapil naic, cavite ( 11, 914 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, executed before notary public atty Gervacio B. Ortiz Jr. under DOC. No. 337 Book No. 69 Page No. XXVIII Series of 2023 Notarized date: July 03, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON NARCISA CABADIN NUÑEZ

NOTICE is hereby Given that the estate of the late **NARCISA CABADIN NUÑEZ** Who Died on June 02, 2021 at General trias city, Cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. 057-2013025552 Situated at Brgy. Pasong kawayan 2 Gen. Trias City, Cavite ( 572 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed Before notary public atty. Elpidio M. Paligutan, under DOC. No. 387 Page no.79 Book no. II Series of 2023 Notarized Date: May 12, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 28, SEPTEMBER 4 & 11, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION OF ESTATE OF LINO LIM MAN

Notice is hereby Given that the estate of **LINO LIM MAN,** who Died on May 28, 2022 at San Juan metro Manila Left a Condominium parking Slot with CERTIFICATE OF TITLE NO. 012-2015 001748, unit identified as " upper Ground Floor. Slot 60 (125) SQM Condominium project known as "Little Baguio terraces " EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal Heirs. Executed before notary public atty..ELPIDIO M. PALIGUTAN under DOC. NO. 388 Page No. 79 book No. III Series of 2023 Notarized Date: AUGUST 11, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF AGRIFINA A. YUMOL

Notice is hereby Given that the estate of the late AGRIFINA A. YUMOL Who Died on April 2, 1981 that the Deceased Person is the registered owner of 1/2 PORTION OF land covered by transfer certificate of TITLE No. T-7767 Situated in Tanza, Cavite ( 56,365 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before Notary public Atty. MA. ANGELA FRANCESCA Y. CABRAL Under DOC. No. 495 book 100 Page No. I Series of 2023 Notarized Date: May 31. 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF JOSE MA. DEL ROSARIO CONCEPCION With Special power of Attorney

Notice is hereby Given that the estate of the late **JOSE MA.DEL ROSARIO CONCEPCION** Who Died on May 02, 2006 in makati city Left a parcel of Land Covered By transfer certificate of TITLE no. T- 80489 Setuated in malaking pilapil, naic, cavite ( 11, 914 ) SQM. transfer certificate title no. T- 80490 Situated in malaking pilapil, naic, cavite ( 11, 913 ) SQM. EXTRA JUDICIAL SETTLED Among the Legal heirs, executed Before notary public atty Gervacio B. Ortiz Jr. Under DOC. NO.172 Book No.XXIII Page No. 36 series of 2023 notarized date: May 18, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## SOLE ADJUDICATION OF THE EATATE OF DECEASED PERSON WITH PORTION OF SALE

NOTICE IS HEREBY GIVEN that the estate of the late LEOCADIO FENOL, who died on November 01, 1961 at Alfonso, Cavite left a parcel of land covered by TAX DECLARATION NO.01-0018-00349 Situated in Brgy. Mangas 2, Alfonso, Cavite ( 19,368) SQM. extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava, under doc. No. 09 page no. 2 book no. X11 series of 2021 Notarized date: June 09, 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 14, 21 & 28, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF PEDRO DIMAPILIS

Notice is hereby Given that the estate of **PEDRO DIMAPILIS** Who Died on March 01, 1982 at Gen. Emilio Aguinaldo, Cavite Left a parcel of Land Situated in Castaños cerca, Gen.E.Aguinaldo,Cavite covered by Tax Declaration No.AA- 06-000900423 (3.2444) Hectares.EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal Heirs, Executed before notary public atty, Elpidio M. Paligutan under DOC.no.340 page no.69 book no.III Series of 2023 notarized Date AUGUST 08, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 21, 28 & SEPTEMBER 4, 2023**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

Notice is hereby Given that the estate of the late spouses **MARIANO R. QUION** Who Died on May 14,1999 at T.F.G.H.Tanza Cavite and **FRANCISCA N. QUION** Who Died on November 20, 2012 at veterans medical Center, north Avenue Diliman, Quezon City Left a parcel of Land covered By transfer certificate TITLE no.EP-131 of Registry of Deed Cavite Located at Pasong kawayan 2, Gen Trias Cavite ( 22,716 ) SQM. Transfer certificate TITLE No.132 of Registry of Deeds Cavite ( 479 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs Executed before notary public atty. Ma.Majalia F. Alvaro under DOC.No. 384 page no. 78 Book no. XIX Series 2015 notarized Date: December 11, 2015

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 21, 28 & SEPTEMBER 4, 2023**

# Brgy-SK elections, di non-partisans!

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 48 10.00 AUG. 28 - SEPT. 3, 2023



REVANZE

by Domz B. CAOILE

MULING nasaksihan natin ang diwa ng bayanihan sa nakaraang Brigada Eskwela 2021 sa mga public school dito sa ating probinsiya, at isa sa nakipag-bayanihan ay ang city government of General Trias.

Ibang ama ng siyudad si Mayor Jon-Jon, basta sa kapakanan ng edukasyon ng kabataang GenTrisenos, doble, triple pa nga ang suporta niya.

As the father of the city, Mayor Ferrer always render his full support in all the DepEd activities; he is all ears, listening to the beeds of the teachers and the students.



*NAKIPAG-Bayanihan si Mayor Jon-Jon Ferrer (ikaapat, mula sa kaliwa) sa nakaraang Brigada Eskwela. Sa larawan, ang ilang lata ng pintura na idinonasyon ng pamahalaang lungsod para mapaganda ang mga paaralan sa lungsod, ngayong simula na ng school year 2023-2024.*

Basta may request ang education community, umaaksiyon na si Mayor Jon-jon. at kung may problema, together with the teachers, parents and the students, together they come up with better solutions to the problem.

Ilang araw bago ang pormal na pagbubukas ng mga klase, nag-distribute si Mayor Jon-Jon ng mga lata ng pintura at iba pang gamit at tulong sa pag-aayos, pagpapaganda ng mga pasilidad ng paaralan sa siyudad.

Naniniwala siya na mas magiging conducive sa pag-aaral ng mga bata kung malinis, maganda at maayos ang silid-aralan, nakumpuni ang mga sirang silya, at kung bagong pintura ang paaralan at mga pasilidad, mas sisigla, mas inspired ang mga kabataan na mag-aral.

Lagi niyang ini-emphasize ang kahalagahan ng edukasyon sa paglaban sa kahirapan.

Mas aangat sa buhay ang may pinag-aralan, kaya lagi na isa sa priority ni Mayor Jon-Jon ang edukasyon.

Yes, Mayor Ferrer has always placed education among his top priorities, and he thanked the City DepEd for being a strong pillar and support in all his programs on education, health, and other basic services to the GenTrisenos.

@@@

SA bayan ng Gen. Emilio Aguinaldo, may magandang balita para sa inyo kasi, uumpisahan na ang pagtatayo ng bagong two-storey school building na magkakaroon ng walong klasrum ang Narvaez Elementary School.

Alam naman natin, bawat taon, dumarami ang batang mag-aaral kaya naman ang pamahalaang bayan, katuwang ang DepEd ay nagprograma na magdagdag ng bagong klasrum para sa mga bata.

Nitong nakaraang linggo, pinangunahan ni Mayor Dennis Mojica Glean, kasama ang mga guro, mga opisyal ng munisipyo, ginanap ang

*Sundan sa pahina 5*

